

# Impormasyon sa COVID-19 Outbreak – Cargill Meats (COVID-19 Outbreak Info – Cargill Meats)

## T at S para sa Mga Trabador sa Planta (Q & A for Plant Workers)

Abril 30, 2020

- [Tungkol sa Sakit](#)
- [Pagsusuri](#)
- [Sariling Pagbubukod at Proteksyon](#)
- [Transportasyon](#)
- [Makukuhang mga Suporta](#)

### Tungkol Sa Sakit: (About the Illness:)

- **Gaano katagal kang nakakahawa, kapag nagkaroon ka na ng COVID? (How long are you contagious, once you get COVID?)**
  - Sa paniniwala namin ikaw ay nakakahawa sa loob ng 10 araw magmula ng una kang makaramdam ng mga simtomas o hanggang mawala ang iyong mga sintomas, kung alinman sa dalawa ang mas matagal.
  - Ito ang dahilan kung bakit namin sinasabi sa mga tao na huwag makisalamuha sa ibang mga tao sa loob ng 10 araw, para maprotektahan yung mga tao sa iyong paligid na magkasakit.
  - Tinatawag ito na pabubukod sa sarili (self-isolation).
  - At kahit lumipas na ang 10 araw, ngunit may sakit ka pa rin: hinihiling namin na ihiwalay mo pa rin ang iyong sarili upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa iba.
- **Meron bang anumang mga kaso na kung saan ang mga tao ay muling naimpeksiyon (maiimpeksyunan sa pangalawang pagkakataon) pagkatapos na makumpirmang may COVID-19? (Are there any cases of people becoming re-infected (infected for a second time) after having confirmed COVID-19?)**
  - Sa pangkalahatan, sa palagay namin ay hindi na ulit maiimpeksyunan ang tao na may COVID.
- **Kailangan ba naming mag-alala ng muling paglaganap ng COVID? (Should we be worried about another wave of COVID?)**
  - Kahit na parang marami na tayong bilang ng mga kaso sa lugar ng Calgary, maliit pa rin itong porsyento ng kabuuang populasyon.
  - Ibig sabihin noon ay marami pa rin sa atin ang hindi nalalantad sa virus
  - Ang alalahanin ay ang muling pagbalik ng virus at hindi natin isinasagawa ang lahat ng mga pag-iingat na inirerekomenda namin, maari tayong makakita ng mas maraming mabubuung mga kaso at mas kumalat pa ito.
  - Natunghayan na natin ito sa mga lugar ng trabaho at sa mga pagtitipon ng pamilya, kung saan marami sa mga dumalo ang nagkasakit at nailipat ang naturang virus sa sarili nilang mga miyembro ng pamilya.
  - Upang makita ang lahat ng mga pag-iingat na inirerekomenda sa panahong ito, bumisita sa [www.alberta.ca/covid19](http://www.alberta.ca/covid19).
- **Kung ako ba ay nabakunahan na ng bakuna laban sa TB o nagkaroon na ako ng latent immunity sa TB, maaari na ba akong magkaroon ng kaunting immunity laban sa COVID? (If I have taken the TB vaccination or have TB latent immunity, do I have partial immunity against COVID?)**

- Hindi.
- Wala pa kaming alam na anumang pananaliksik na nagsasabi na ang bakuna sa TB ay mayroong epekto sa COVID-19
- Sa kasalukuyan, wala pang bakuna na nakakapagpagaling laban sa impeksyon ng COVID-19.

### Pagsusuri: (Testing:)

- **Ano ang kahulugan ng “nasuri na at kumpirmadong positibo” laban sa “may impeksyun na hindi nasuri”?** (What does “tested and confirmed positive”, versus “infected not tested” mean?)
  - Paminsan-minsan, nakakarinig tayo na may isang taong nagkasakit, ngunit negatibo naman ang kanilang test (pagsusuri). Malaki ang tsansa na ang mga taong ito ay nagkaroon ng COVID-19 ngunit hindi ito kinumpirma ng isang test sa laboratoryo dahil sa panahon na lumipas mula ng magsimula ang kanilang mga simtomas. Ang mga kasong ito, kung sila ay mayroong kasaysayan nang pagkakatad sa COVID ay maituturing na “naimpeksyunan ngunit hindi nagkaroon ng test”.
  - Ang sinuman na may positibong test ng COVID ay maituturing na “nasuri at kumpirmadong positibo.”
  - Mahalagang tandaan na ang sinuman na may mga palatandaan ng sakit ay dapat manatili sa bahay at huwag pumasok sa trabaho.
  - Ang sinumang tao sa Alberta na mayroong mga simtomas ng COVID-19 ay karapat-dapat na magpa-testing. Maaari silang pumunta sa [www.ahs.ca/covid](http://www.ahs.ca/covid) at kumpletuhin ang isang online na pagtatasa na isasangguni para sa pagsusuri, nang walang bayad.
- **Nakabalita ako mula sa ibang mga trabahador ng Cargill na na-test at naging positibo. Karamihan sa kanila ay nagsasabing wala silang anumang mga simtomas. Ako ay naguguluhan. Ano ang dahilan? (I have heard from different Cargill workers who get tested and are positive. Most of them said they don't have any symptoms. I am so confused. What's the reason?)**
  - May mga ilang tao na naging positibo ang test ngunit walang ipinapakitang mga simtomas. Maaring ito ay dahil sa na-test namin sila bago lumabas ang kanilang mga simtomas. Maliit na porsyento ng mga tao ay hindi nagpapakita ng anumang mga simtomas - sa tingin namin sila ay hindi gaanong nakakahawa, ngunit ang mga taong ito ay kinakailangan pa ring manatili sa bahay (tingnan ang punto sa ibaba).
  - Kahit na wala kang ipinapakitang mga simtomas ngayon - kung positibo ang test sa iyo, kinakailangan mong gawin ang alinman sa:
    - Kung ang mga simtomas ay hindi pa lumalala, manatili sa loob ng bahay sa loob ng 10 araw magmula nang nagkaroon ng test.
    - Kung ang mga simtomas ay lumala na, manatili sa bahay ng 10 araw mula ng mag-umpisa ang iyong mga simtomas o hanggang sa mawala ang mga simtomas, kung alin man ang mas matagal.
- **Ang mga taong hindi nagpapakita ng mga simtomas ay maari ring maikalat ang virus. Paano natin malalaman kung ang mga tao na nagtrabaho sa Cargill o saan mang mga lugar sa High River ay ang nagkakatat ng virus? Bakit hindi natin i-test (suriin) ang lahat ng tao? (People who don't show symptoms can also spread the virus. How do we know if people who are working in Cargill or other places in High River are spreading the virus? Why not test everyone?)**
  - Nag-aalok kami ng pag-testing sa mga taong nagtrabaho sa Cargill at sa iba pang mga planta ng karne, kahit na wala silang mga simtomas
  - Hindi ka kinakailangang magpa-test kung wala kang mga simtomas, ngunit minsan ay ginagawa namin ito upang maintindihan kung paano naikakatat ang impeksyon.
  - Kapareho sa Continuing Care Homes, nagte-testingdin kami sa mga kawani at mga residente, kahit na wala silang mga simtomas.
  - Sa kabuuang populasyon ng Alberta, importante na magpa-test yung mga tao na may mga simtomas, dahil sila ang mga lalong nakakahawa at mas malaki ang tsansa na magkalat ng impeksyon.
  - Sinuman na may mga simtomas sa Alberta ay maaring magpa-testing.

- Kinakailangan nating balansehin ang ating kakayahan sa pag-testing sa ating estratehiya ng pag-testing.
  - Ang lahat ng pagte-testing ay walang baysd at hindi sapilitan
- **Bakit hindi na tayo nagsasagawa ng pangalawang test pagkatapos ng unag positibong resulta? Umaasa na lamang sila sa ating mga simtomas, bakit hindi gawing sapilitan ang magpa-test pagkatapos ng 14 na araw na quarantine, dahil mayroong mga kaso na nagiging positibo pa rin ang resulta kahit walang mga simtomas. (Why we are not having a second test after the first positive result? They are just relying on our symptoms, why not make it mandatory to do a test after the 14 days quarantine, because there are cases that they are still having positive result despite not having symptoms.)**
    - Naniniwala kami na sa mga oras na ito ay hindi na kinakailangang hintayin hanggang ang isang tao ay maging negatibo ang test.
    - Ang test na ginagawa natin ay nalalaman ang virus, ngunit hindi nito masasabi kung buhay o patay ang virus.
    - Nakita sa mga pag-aaral na habang ang pag-test para sa virus ay positibo pagkatapos ng 10 araw ito ay dahil sa mayroong patay na virus na hindi maaring makahawa sa iba.
    - Mangyaring TANDAAN: Inirerekomenda ng Cargill Plant na ang lahat ng mga tauhan ay dapat magpa-test bago bumalik sa trabaho. Pumayag ang AHS sa programang iyon na may pag-unawa na hindi ito sapilitan - lahat ng empleyado ay maaaring magpa-test, ngunit hindi kinakailangang magpa-test o magpa-test na muli bago bumalik sa trabaho.
  - **Paano natin isaalang-alang ang (pagkontrol ng pagkalat sa kumunidad) mga taong nagkakalat ng virus ngunit walang mga simtomas, kung hindi natin ite-test ang lahat ng mga tao? (How do we accommodate for (control community spread) people who are asymptomatic carriers, if we are not testing everyone?)**
    - Sa pagsusuri sa Cargill at sa iba pang sitwasyon sa trabaho kung saan natin nakikita ang kumpol-kumpol ng mga impeksyon, nakita namin na napakahalaga na ma-test ang bawat isa upang masubaybayan ang pagkalat at malimitahan ang pagkalat nito.
    - Patungkol sa pangkalahatang populasyon, itinutuon namin ang aming pag-testing sa mga taong mas malaki ang tsansa na makahawa sa iba, at ang mga taong iyon ay iyong may mga simtomas.
    - Ang sinuman sa Alberta na may mga simtomas ay karapat-dapat na magpa-test.
    - Kapag ang isang tao ay na-test na, gagamit kami ng "contact tracers" (pagsubaybay sa mga nakasalamuha) para magkaroon ng follow-up sa mga taong malapitang nakasalamuha ng mga taong may mga simtomas upang maisaayos ang pag-testing sa mga "close contacts" (malapit na nakasalamuhang mga tao). Mapapahintulutan nito na malaman namin kung saan nila maaaring nakuha ang impeksyon, at upang maabisuhan at magsagawa ng nararapat para doon sa mga nalantad. Ang aming layunin ay malimitahan ang pagkalat nito.
  - **Ang bilang ng mga kaso ay patuloy na tumataas sa Cargill. Nakakabahala ba ito? (Case numbers continue to go up at Cargill. Is this concerning?)**
    - Ang COVID-19 ay isang patuloy na lumalaganap na pandemya, sa buong mundo.
    - Kapag mas marami kaming test na maisagawa sa populasyon ng Alberta, mas maraming kaso ng sakit na ito ang aming matutukoy, dahil nalalaman namin na ang virus na ito ay umiikot sa ating mga komunidad.
    - Sa pamamagitan ng paghihiwalay sa mga taong may sakit, at ang hindi pagpapahintulot sa kanila na bumalik sa trabaho hanggang sa mawala ang kanilang mga sintomas, ang lugar na pinagratrabahuan ay mananatiling ligtas.
  - **Paano natin matutulungan ang mgabtrabador ng Cargill na mapa-test para sa COVID-19? (How can we help Cargill workers to get tested for COVID-19?)**
    - Yung online self-assessment ay isang mabilis na paraan para masiguro na makukuha mo ang pag-testing na kailangan mo. Maaari mo itong ma-access sa pamamagitan ng pagbisita sa webpage ng AHS sa [ahs.ca/covid](https://ahs.ca/covid).

- Kung sa iyong palagay ay kailangan mo ng isang assessment, mangyaring sundan lamang yung mga tagubilin sa self-isolation (paghihiwalay sa sarili), kumuha ng online self-assessment O tumawaga sa 811 para makipag-usap sa isang nars sa Health Link. Ang aming mga nars sa Health Link 811 ay may espesyal na kasanayan sa pagsagot sa mga alalahanin tungkol sa posibleng pagkakalantad sa COVID-19.
- **Sinubukan kong gawin yung online assessment, ngunit hindi ko maintindihan yung mga katanungan. Ano pang ibang mga opsyon ng AHS? (I tried to do the online assessment, but I don't understand the questions. What other options does AHS have?)**
  - Maaaring tawagan ng mga tao ang Health Link 811 upang makausap ng direkta ang isang Rehistradong Nars na may espesyal na kasanayan sa pagsagot sa mga alalahanin tungkol sa posibleng pagkakalantad sa COVID-19.
  - Nag-aalok ang Health Link ng mga serbisyo sa interpretasyon, sa mahigit sa 300 na mga wika, 24/7. kung kailangan mo ng suporta sa wika, mangyaring tumawag sa 811 para sa tulong.

## Sariling Pagbubukod at Proteksyon (Self-Isolation and Protection)

- **Kung mayroong kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa loob ng bahay, ano ang dapat gawin ng ibang tao sa loob ng pamamahay? (If there is a confirmed case in the household, what should the other people in that household do?)**
  - Kung merong kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa loob ng bahay, lahat ng miyembro ng pamamahay ay dapat na mag-self-isolate sa loob ng 14 na araw magmula ng unang petsa na nakita ang mga simtomas ng kaso at ang kaso ay nagsagawa ng pag-iingat na mag-self-isolate mula sa ibang mga miyembro sa loob ng sambahayan.
  - Makakatulong ito na maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.
  - Kung mayroon pang isang miyembro ng pamamahay ang nagpositibo sa test, yung 14 na araw ay mag-uumpisa ulit para sa buong sambahayan kung nagpapatuloy ang interaksyon sa mga positibong kaso.
  - Ngunit kung nahihirapang ang mga tao na mag self-isolate dahil sa malaki ang pamamahay, mayroong nakahandang suporta na makukuha para matulungan ang mga tao na mag-self-isolate. Para makuha ang mga serbisyong ito, maaari ninyong kontakin ang inyong doktor ng pamilya o 811.
- **Okay lang ba na maglakad-lakad ka palibot sa iyong kumunidad? (Is it okay to be walking around in the community?)**
  - Yung mga tao na may kumpirmadong mga kaso ng COVID-19, o yung mga nangangailangan na mag-self-isolate, ay hindi pinapahintulutan na lumabas ng kanilang bahay.
  - Kung hindi ka nagpositibo sa COVID-19 at hindi mo kinakailangan na mag-self-isolate, maari kang maglakad sa palibot ng iyong kumunidad.
  - Siguraduhin mo pa rin na manatili kang 6 na talampaka ang layo mula kaninoman. Ito ang hinihiling namin na gawin ng lahat ng mga Albertans.
- **Bakit kaya yung ibang myembro ng aking sambahayan ay nagkaroon ng COVID-19 at yung iba naman sa parehong sambahayan ay wala? (Why is it that some people in my household have gotten COVID-19 and other people in my same household haven't?)**
  - Karamihan sa mga sambahayan sa China, tanging 15% ng mga miyembro ng pamilya ang nagkaroon ng impeksyon. Ang bilang ng tao na nahawaan ay depende sa kung gaano kahusay yung taong nagkasakit sa paghiwalay sa sarili mula sa mga miyembro ng pamilya na walang sakit.
  - Maaring ito ay ang mga pangkaraniwang hakbang na ginagawa mo at ng iyong pamilya - gaya ng paghuhugas ng kamay at ang kadalasang paglilinis ng bahay- ay maaring makapagpahinto ng pagkalat ng impeksyon sa pagitran ng mga miyembro ng iyong pamilya.
- **Kung ang isang tao ay nadiagnosed na may COVID-19, posible bang madiagnose yung buong sambahayan ng COVID na hindi pa silasumasailalim sa anumang pagsusuri dahil malaki ang tsansa namaging positibo sila?**

**(If one person is diagnosed with COVID-19, is it possible to diagnose the entire household with COVID without further testing as the chances of them being positive is very high?)**

- Kung mayroong kasama sa bahay na isang kumpirmadong kaso, lahat ng tao sa loob ng bahay na iyon ay maituturing na “close contacts”, kung saan sila ay nalantad na sa isang COVID positive na tao.
- Kung maituturing kang nalantad sa COVID, kinakailangan kang mag-self-isolate sa loob ng 14 na araw. Ang ibig sabihin nito na sa isang sambahayan ay lahat ng mga miyembro ng pamilya ng isang kumpirmadong kaso ng COVID, sa parehong bahay ay kinakailangang mag-self-isolate sa loob ng 14 araw, at kailangang subaybayan kung kakikitaan ng mamumuong mga simtomas.
- Ang pagsasagawa ng mga inirerekomendang pag-disinfect at pag-isolate sa loob ng sambahayan ay mahalaga pa rin para mapababa ang tsansa nakumalat ang impeksyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya sa loob ng bahay.

## Transportasyon (Transportation)

- **Sa mga taong naka-quarantine, paano nila malalampasan ang hamon sa pagkuha ng transportasyon para makapunta sa mga klinika o ospital? Hindi nakikisama ang mga kumpanya ng taksi sa pagbibigay ng sakay sa mga taong may COVID-19. Anong uri ng transportasyon ang maibibigay ng AHS? Paano makakapunta sa mga testing site yung mga taong walang transportasyon kung wala silang mga kaibigan o pamilya na maaring magdala sa kanila? (For people under quarantine, how can they overcome the challenge of getting transportation to go to the clinics or hospital? Taxi companies are not cooperating in giving rides to people with COVID-19. What means of transportation can AHS provide? How do people who don't have transportation go to the testing site if they don't have friends or family who can take them?)**
  - Para sa mga taong hindi maaring makapunta sa mga nakatalagang mga swabbing site, maaari silang mabigyan ng maayos na paraan batay sa mga online at 811 na mga assessment para sa bawat tao. Maaring gawin ito sa pamamagitan ng isang community public health na mga nars, mga paramedic sa komunidad, o sa network ng pangunahing pangangalaga.
  - Para sa mga taong hindi marunong magmaneho, maari silang gumamit ngpampublikong sasakyan, makisakay sa isang kaibigan/kapitbahay, o kaya sumakay ng taksi, basta isaalang-alang nila ang distansya kung posible ito at magsuot ng mask na nakatakip ang bibig at ilong. Hindi rin sila maaring magkaroon ng mga paghinto sa pagitan ng lugar kung saan sila naka-isolate at sa testing site.
  - Para sa dagdag na impormasyon, tingnan ang Alberta government’s exemption for quarantined/isolated individuals who require COVID-19 testing.  
<https://open.alberta.ca/publications/exemption-isolated-persons-who-require-covid-19-testing-critical-care-emergency-care>

## Makukuhang Mga Suporta (Supports Available)

- **Anong tulong ang nakahandaupang makatulong sa self-isolation? (Which assistance is available to help support self-isolation?)**
  - Ang mga ahensya sa kumunidad na nakalista ay maaring tumulong sa mga tao na magbigay ng mga resources na kinakailangan nila para magsagawa sila ng ligtas na pagself-isolate sa kanilang mga tahanan. Maari rin silang magbigay ng tulong na maghanap ng ibang mga bagay para sa mga tao/pamilya na nakakaranas ng hirap sapagseself-isolate.
- **Ang ibang mga trabahador ay dismayado dahil hindi sila makahingi ng tulong na makakuha ng Tylenol. Nagkakaloob ba kayo ng gamot sa mga trabahador at sa kanilang mga pamilya habang sila ay nakahiwalay sa bahay? Paano ito gumagana? (Some workers were disappointed because they couldn't get help to get Tylenol. Do you provide medication to workers and families isolating at home? How does that work?)**
  - Hindi, hindi nagsusuplay ng mga gamot ang AHS.
  - Ang mga ahensya sa kumunidad ay maaring tumulong sa inyo na magbigay ng mga opsyon kung saan kayo makakakuha ng mga gamot na inyong kailangan.

- Kung sa iyong palagay ay kailangan mo ng anumang mga gamot, mangyaring tawagan ang inyong lokal na parmasyutiko o doktor ng pamilya. Maaari mo ring tawagan ang 811, na isasangguni ka sa isang doktor ng pamilya)

Tingnan ang sumusunod na listahan para sa karagdagang mga mapagkukunan:

**Calgary Catholic Immigration Society**

403-262-2006

**UFCW Local 401**

403-291-1047

**Ireport ang sakit sa Cargill**

403-652-4688

**Dagdag na impormasyon (iba-bang mga wika)**

<https://www.albertahealthservices.ca/topics/Page16944.aspx>

**Mga Katanungan**

[Community.Engagement@ahs.ca](mailto:Community.Engagement@ahs.ca)